ANG IYONG EMPLOYER AY HINDI MAAARING:

- magbawas (kumuha ng pera) mula sa iyong sahod kung hindi ka sumasang-ayon dito, maliban sa mga baabawasing itinakda ng batas, tulad ng income tax.
- hilingan kang bayaran sila sa pagkakabigay sa iyo ng trabaho.
- hinging itatago ang iyong passport.
- pagawin ka ng 90-araw na panahong pagsubok sa simula ng isang bagong trabaho kung ang negosyo ay may 19 o mas kaunting empleyado, maliban lamang kung ang lahat ng kundisyon na ito ay natutugunan:
  - sasang-ayon ka muna dito
  - nakasulat ito sa iyong kontrata sa trabaho
  - kasama sa kasunduan ang panahon ng abiso
  - kapwa ninyo lalagdaan ito bago ka magsimulang magtrabaho.

Ikaw at ang iyong employer ay dapat maging patas sa bawat isa sa pamamagitan ng pakikitungo nang may katapatan. Kasama rito ang pagiging bukas, matapat at nakikinig sa bawat isa.

Libreng tulong at impormasyon

Narito kami para tulungan ka.
Ang lahat ng aming serbisyo ay libre.

Bisitahin ang: **www.employment.govt.nz** para sa kaugnay na impormasyon sa pagtatrabaho.

Bisitahin ang: **www.employment.govt.nz/minimum-rights-translations** para sa impormasyong naisaling-wika.

Telepono: **0800 20 90 20** toll free. Nagkakaloob kami ng serbisyo sa pagsasaling-wika sa 40+ wika.

Maaari mo kaming kontakin nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan o sa pamamagitan ng iba pang tao.

Isa lamang itong pinasimpleng balangkas nang ilang pangunahing pinakakaunting mga karapatan sa trabaho. Hindi ito legal na payo. Dapat mong bisitahin ang aming website para sa higit na impormasyon: www.employment.govt.nz.

Huling na-update 1 Abril 2019

EMPLOYMENT NEW ZEALAND

Alamin ang iyong mga karapatan sa trabaho

MINISTRY OF BUSINESS, INNOVATION & EMPLOYMENT
HĪKINA WHAKATUTUKI

New Zealand Government

Mga pinakakaunting karapatan ng empleyado

Ang lahat ng empleyado ay mayroong mga pinakakaunting karapatan sa trabaho sa batas ng New Zealand na hindi maaaring alisin.

Mahalagang malaman ang iyong mga karapatan!

MAY KARAPATAN KANG:

- makakuha ng nakasulat na kontrata ng trabaho (kasunduan).
- makakuha ng payo o suporta mula sa isang tao na pinagkakatiwalaan mo bago mo lagdaan ang kontrata.
- panatilihing na-a-update ang iyong kontrata at karapatan sa isang kopya kapag hiningi mo ito.
- Mabayaran nang hindi bababa sa minimum wage kung ikaw ay 16 taon o mas matanda.
- makapagpahinga at mga break sa pagkain, bilang halimbawa, sa panahon ng 8-oras na panahon ng trabaho, may karapatan ka na makuha ang pareho:
  - dalawang 10-minutong may bayad na mga break ng pahinga
  - isang 30-minuto walang-bayad na break sa pagkain.
- makakuha ng 11 pampublikong pista-opisyal na walang trabaho na buo ang bayad, kung may mga araw na karaniwan kang nagtatrabaho.
- mabayaran nang 1.5 beses sa iyong karaniwang pay rate at saka isa pang araw na walang pasok, kung magtatrabaho ka sa isang pampublikong pista-opisyal kung hindi ay isang karaniwang araw na may trabaho.
- makakuha ng bakasyon na may bayad sa ilalim ng mga pagkakataong ito pagkatapos mong matanggap sa 6 na buwan o natugunan mo ang pagsusulit na ‘mga oras na trinabaho’ test:
  - 5 araw na may bayad na sick leave sa isang taon
  - hanggang sa 3 araw na may bayad na leave pangungulila sa pagkamatay ng iyong asawa o asawa, magulang, anak, kapatid, lola/lolo, apo, o magulang ng iyong asawa
  - hanggang sa isang araw na may bayad na leave ng pangungulila sa kamatayan ng isang taong hindi kasama sa itaas, kung tatanggapin ng iyong employer na dumanas ka pangungulila hinggil sa ilang tukoy na mga dahilan
  - hanggang sa 10 araw na may bayad na leave sa karahasan sa tahanan sa isang taon.
- makakuha ng 4 na linggong may bayad na taunang bakasyon (taunang leave) bawat taon, pagkatapos mong matanggap sa trabaho nang 12 buwan.
- makakuha ng leave hinggil sa magulang nang hanggang 12 buwan at mga kabayaran sa leave hinggil sa magulang para mag-alaga sa isang bagong sanggol kung matutugunan mo ang tuntuning 6-na buwan o 12-buwan.
- humiling sa anumang oras para sa maikling panahong naibabagay na mga kasunduan sa pagtatrabaho hanggang sa 2 buwan para matulungan kang aksyunan ang mga epekto ng kaharasan sa tahanan.

- tanungin ang iyong employer para sa mga detalye ng iyong oras na natrabaho, leave at mga pagkanararapat sa bakasyon.
- Matrato nang pantay at sa isang wastong proseso kung mawawala ang iyong trabaho sa pagkakasisante o gawing kalabisan.
- Maprotektahan sa hindi makatarungang diskriminasyon dahil sa iyong edad, lahi, kasarian, kapansanan o mga paniniwalang relihiyon.
- Maprotektahan mula sa masamang pagtrato (matrato nang masama o hindi parehas) dahil maaari kang maapektuhan ng karahasan sa tahanan.
- Makapagtrabaho sa isang ligtas na lugar ng trabaho na may wastong pagsasanay superbisyon at kagamitan.